# Masusuportahan ka sa iyong pamumuhay.

## Huwag kayanin na mag-isa ang suliranin, mangyaring kumunsulta sa "Living Support Counter".

### Kapamilya at malapit na tao sa lugar na iyong tinitirahan. Tungkol sa pamumuhay

Hindi sapat ang lugar sa bahay para sa pag-aaral ng bata…

Tila nahihirapan sa pamumuhay ang taong kalapit mo…

Hindi nagtatrabaho ang anak, nag-aalala para sa kinabukasan ng anak…

### Tungkol sa pera

Nawalan ng trabaho at hindi nakakabayad ng renta ng bahay…

Maraming utang na binabayaran, kaya nahihirapan sa pang-araw-araw na pamumuhay…

Nahihirapan sa pagpapaikot sa pera, at hindi makabayad sa pagpapagamot at sa buwis…

### Tungkol sa trabaho

Nais magtrabaho subali't hindi makapag-simula dahil sa tagal ng pagkawala g trabaho

Hindi alam kung paano makakahanap ng trabaho…




Ang **"Living Support Counter"** ay counter na maaaring kumunsulta at matatagpuan sa lahat ng ward office.
Tutulungang mag-isip ng paraan ang mga may suliranin tungkol sa pera.
Mangyaring makipag-ugnayan sa "**Living Support Counter**" ng ward na nasasakupan ng iyong tinitarahan.Maaari ding kumunsulta tungkol sa mga suliranin sa kapamilya o mga kapit-bahay.
At, kung kinakailangan, maaaring ang staff ng ward office ang magtungo sa iyong bahay upang mapakinggan ang iyong suliranin.

### Ang mga lugar at numero ng telepono ng "Living Support Counter" (bawat ward office)

| | | |
|---|---|---|
| **Higashinada Ward Office** | Higashinada Ward, Sumiyoshi Higashimachi 5-2-1 | TEL841-4131 |
| **Nada Ward Office** | Nada Ward, Sakuraguchi-cho 4-2-1 | TEL843-7001 |
| **Chuo Ward Office** | Chuo Ward,Higashimachi 1 1 5 | TEL335-7511 |
| **Hyogo Ward Office** | Hyogo Ward, Arata-cho 1-21-1 | TEL511-2111 |
| **Kita Ward Office** | Kita Ward, Suzurandai Kitamachi 1-9-1 | TEL593-1111 |
| **Hokushin Ward Office** | Kita Ward, Fujiwaradai Nakamachi 1-2-1 Hokushin Center Building 2F | TEL981-5377 |
| **Nagata Ward Office** | Nagata Ward, kitamachi 3-4-3 | TEL579-2311 |
| **Suma Ward Office** | Suma Ward, Daikoku-cho 4-1-1 | TEL731-4341 |
| **Kita-suma Branch** | Suma Ward, Naka Ochiai 2-2-5 Myoudani Center Building 5F | TEL793-1806 |
| **Tarumi Ward Office** | Tarumi Ward, Hyuga 1-5-1 | TEL708-5151 |
| **Nishi Ward Office** | Nishi Ward, Kojidai 5-4-1 | TEL940-9501 |

## ❶ Ang daloy mula sa konsultasyon hanggang sa suporta

### HAKBANG 1
**Magtungo sa Living Suppot Counter**

Ikonsulta ang suliranin sa councelling staff

### HAKBANG 2
**Aalamin ang suliranin**

Magkatulong na hahanapin ang pinaka-problema.

### HAKBANG 3
**Magtatakda ng mga layunin**

Magkatulong na pag-iisipan ang mga gagawain.

### HAKBANG 4
**Upang muling makapagsimula ng pamumuhay**

Sasamahan ka ng staff sa mga counter na kailangang puntahan



## ❷ Nilalaman ng suporta

**Suportang konsultasyon** **Pakikinggan ang iyong ikokonsulta.**

Susuportahan ka habang pinakikinggan ang iyong ikinukonsulta
Ibibigay ang suportang nababagay sa iyo na nakatala sa ibaba

### Tutulungan ka na makahanap ng trabaho
**Tutulungan ka upang madali kang makakuha ng trabaho.**

Ang naghahanap ng trabaho ay tutulungan ng Hello Work sa pagsusulat ng resume at sa pag-eensayo sa interview.

### Suporta para sa renta ng bahay (※)
**Magbibigay ng halaga bilang suporta para sa renta ng bahay.**

Ang mga nawalan ng tirahan dahil sa pagkawala ng trabaho at malaki ang tyansa na mawalan ay tutulungan na makahanap ng trabaho at pansamantalang makakatanggap ng pera para sa renta ng bahay (may hangganan ang halaga).

### Pagsasanay sa pagtatrabaho (※)
**Maaaring magsanay para sa paghahandang makapag-trabaho**

Ang mga taong hirap sa pakikipag-komunikasyon, mga taong hindi pa nakakaranas magtrabaho, ang mga taong may ikinababahala sa pagtatrabaho ay magkakaroon ng suporta bilang paghahanda at panahon na masubukan ang pagtatrabaho.

### Pag-iisip kung paano mag-budget ng pera ng pamilya
**Pagtutulungang pag-aralan ang pagba-budget ng pera ng pamilya.**

Ang mga namomroblema sa mga gastusin sa pamumuhay, ang mga taong nahihirapang mamuhay dahil sa pagbabayad ng utang, at ang mga taong may suliranin tungkol sa pagba-budget ng pera ng pamilya, ay tutulungan na pag-aralan ang kalagayan ng pananalapi ng pamilya, at susuportahan hanggang masanay kung paanong mag-budget na mag-isa.


### Pansamantalang tirahan (※)
**Maaaring mabigyan ng pansamantalang tirahan.**

Ang mga taong namumuroblema dahil walang matitirahan sa kasalukuyan ay mabibigyan ng pansamantalang tirahan, mga damit at mga pagkain.

### Tulong para sa pag-aaral ng mga anak (※)
**Tulong upang makapag-aral ang bata para makapamuhay ng sarili sa pagdating ng panahon.**

Magkakaloob ng tulong na makapag-aral ng libre (Junior High School~Senior High School) sa mga batang salat sa pananalapi ang pamilya. Mangyaring kumunsulta ang magulang ng bata.

(※) Ang suporta na may ganitong marka ay may kalakip na idedepende sa sahod at ipon.



KOBE